

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 6 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 10 PEBRERO 2003, IKA-9:20 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY SAN VICENTE.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Balicos
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Eronta
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemmar C. Montesa
Konsehal King Phillip B. Dimapilis

- Tagapangulo



- Pangulo, Liga ng mga Barangay
- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 009
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BARANGAY SAN VICENTE AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

- SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idao ang regular na sesyon sa ikalawa at ikatapat na Lunes ng bawat buwan sa mga barangay ng bayang ito;
- SAPAGKA'T ang unang barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay San Vicente na ginanap ngayong Pebrero 10, 2003;
- SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Vicente at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyalogo kasama na rin ang Punong Bayan ng Roxas ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikauunlad ng barangay;
- SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Vicente at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampanan;



SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Vicente sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Pebrero 10, 2003


DAHIL DITO, mungkahi ni Konsehal Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Vicente at sa mga mamamayan nito ang taugpuong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Pebrero 10, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Vicente, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Rodolfo I. Sadiwa, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay ng lahat. 10 Pebrero 2003


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan